

## Higit na Proteksyon para sa Pagpuksa ng Domestic Violence

Epektibo  
mula Dec. 2

Huwag ipagwalang bahala ang karahasan! Huwag itong pabayaang, gaano man ito kaliit, ito ay maaaring magbunga ng trahedya. “Puksain ang karahasan”, ang bagong batas para maiwasan ang karahasan sa bahay at proteksyonan ang mga biktima, ay ipapatupad mula sa ika-2 ng Disyembre, ay magbibigay ng higit na proteksyon gayundin ng pagpapayo, mga support centers at ng mga sumusunod :



### ♥ Una

Ang “Spousal Violence” ay tumutukoy sa karahasang sikolohiya at sekswal gayundin sa karahasang pisikal.

### ♥ Pangalawa

Ang seksiyon ng “Protection Orders” ay dinagdagan. Mayroon ng dalawang sukatan sa “Protection Orders”.

**A, Pagbabawal sa paglapit sa biktima** . . . Ipinagbabawal ang paglapit ng asawa sa biktima sa loob ng anim na buwan sa bahay nito o sa tinutuluyan, ang pagtatambay sa tinitirhan o pinagtrabahuhan.

**B, Kautusang Paglikas** . . . kinakailangang umalis ang asawa sa itinakdang panahon.

Ang korte ay maaring magbigay ng proteksyon sa biktima laban sa inirereklamong asawa sa pagkakataong nakakatanggap ng banta ang biktima na gagawan ng ano mang kasamaan o karahasan.

Ang korte ay maaring ding magbigay ng kautusan laban sa asawa sa paglapit nito sa mga anak ng biktima o sa biktima mismo kung sakaling sapilitang kinukuha o isinasama ang mga bata. Subalit kung ang bata ay 15 taong gulang o higit pa, ang kanyang pagsang-ayon ay kinakailangan.

Ang inirereklamong asawa, sa pagtanggap ng kautusang paglikas, ay kinakailangang umalis sa bahay na tinitirhan kasama ng biktima. Siya ay hindi maaaring makitang umaaligid sa kapitbahayan.

Ang Kautusang Paglikas ay nabigyang ng mas mahabang palugit mula sa loob ng dalawang linggo hanggang sa dalawang buwang palugit. Maari na ring hilinging muli sa korte ang muling pagbabawal sa nirereklamong asawa. Kung kaya’t binibigyan ng sapat na panahon ang biktima na isaayos ang kanyang kabuhayan at makahanap ng bagong tinitirhan.

### ♥ Pangatlo

Ang mga aktibidades ng “Spouse Violence Counseling and Support Center” ay may sari-saring ganyak. (Sa munisipyo ng Saitama, ang “Women’s Counseling Center” ay tumatayo bilang Spouse Violence Counseling at Support Center.) Ang tungkulin ng center ay para maghatid ng impormasyon at tulong sa mga biktima.

♥ **Pang-apat**

Ang Spouse Violence Counseling at Support Center ay kailangang makipag-ugnayan at makiisa sa mga non-government organization (NGO).

Kung saan ang Spouse Violence Counseling at Support Center gayundin ang mga NGO ay kailangang magtrabaho at gawin ang kinakailangan upang malutas ang mga kinakaharap na problema.

Ang “Fujimino International Cultural Exchange Center” ay nagtatag ng Foreign Residents Advisory Center sa 2 siyudad at 2 bayan. Mula ngayon, inaasahan na ang 2 center ay magkakaisa. Huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa mga ito.



**Nob. 7 (Linggo) Isa sa mga Pista sa Saitama**

**“International Fair 2004”**



Ang “International Fair 2004”, ay isang inaasam na pagtitipon ng mga non-government organizations sa Saitama, ay gaganapin. Mag-enjoy sa pamimili, panonood at mga pagtatanghal. Halina’t sama-sama tayong makisaya!

Saan: Keyaki Hiroba sa Saitama Shintoshin

Kailan: Nobyembre 7 (Linggo) 10:00~16:00

Mga Detalye: 048-833-2992 (Saitama International Association/enterprise section)

<Kamifukuoka sports & exchange event>

**Pagtitipon ng mga mahihilig sa Ping-Pong**

Maglaro at kumain!

Tayo ng makipaglaro ng ping-pong kasama ang mga banyagang residente.

Ang lahat ay inaanyayahan, mga baguhan o mga dating manlalaro. Pagkatapos ng laro, isang masaganang pananghalian ng mga lutong Pilipino ang ihahain. Halina’t isama ang buong pamilya!

Kailan: Oktubre 31, 10:00~14:00

Saan: Kamifukuoka municipal Komabayashi Gymnasium (Saginomiya elementary school gymnasium 2F)

Programa: pagbibigay ng mga tips ng mga manlalaro ng mga kasapi.

Kabayaran: Libre

**Fujimishi International Forum**

Tayo ng matuto at makihalubilo sa mga kapatid nating banyagang residente. Silipin at unawain ang iba’t ibang kultura at tradisyon.

Sama na at makipagkaibigan.

Kailan : Oktubre 17 (Linggo)

12:30~16:30

Saan: Fujimishi municipal Fujimino Exchange Center

Programa : Pang-una

Isuot ang mga katutubong damit o kimono at magpakuha ng litrato, tai chi, tea ceremony, Wadaiko performance, pagsusulat ng drawing na walang kanji characters, Chinese tea ceremony, mga pagtatanong sa pandaigdigang pangyayari, mga pagtatanghal.

Pangalawa: Mga kuro-kuro ng mga banyagang residente ukol sa Japan.

Kabayaran: Libre